# NCR survey: Joy B, Abby at Isko nangunguna

Tiyak na ang panalo ng mga mayoralty candidates na sina Josefina "Joy" Belmonte ng Quezon City, Mar-len Abigail Binay ng Makati City, Lino Cayetano ng Taguig City at Manila mayoralty bet Isko Moreno kung gagawin ang eleksiyon ngayon matapos na manguna sa isinagawang survey ng RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMDinc).

Lumahok sa non-commissioned survey ang may 8,000 registered voters sa Metro Manila na isinagawa mula Abril 27 hanggang Mayo 1, 2019, na nagpapakita na mahirap talunin si Belmonte sa 60 porsiyento nitong lamang laban sa kanyang katunggaling si Vincent "Bingbong" Crisologo, na nakakuha lamang ng 32 percent rating, habang apat na porsiyento lamang naman ang nakuha ni dating representative Chuck Mathay.

Nananatili namang lamang ng 64 porsiyento si reelectionist Makati Mayor Binay laban sa kanyang katunggali at kapatid na si dating Mayor Jejomar "Junjun" Binay, na nakakuha lamang ng 34 percent rating.

Sa lungsod naman ng Maynila, nangunguna si dating Vice Mayor Moreno" Domagoso sa rating na 50 percent, kasunod si incumbent Mayor Joseph "Erap" Estrada na nakakuha ng 33 percent, habang si dating mayor Alfredo Lim ay nakakuha naman ng voter preference na 15 percent.

Sa Taguig City, nakakuha naman si ex-Rep. Cayetano, bayaw ni incumbent Mayor Lani Cayetano, ng 67 percent laban kay Taguig-Pateros Rep. Arnel Cerafica na nakakuha lamang ng 30 percent. ***-Mer Layson-***